The True Value of Sports[1]

JESLI A. LAPUS

Sports has long been regarded as an excellent venue for fellowship and understanding among athletes, among nations.

And sports, I must say, is also a great equalizer among people from diverse backgrounds.

Mula pa nung panahon ng mga Griego kung saan pinasimulan ang Olympics, ang sports ay idinadaos bilang paraan ng pagsasaya in the spirit of healthy competition.

Noon, hanggang ngayon, parehong adhikain pa rin ang binibigyang buhay natin sa pagdaraos ng 2009 Palarong Pambansa -- fellowship o pakikipagkapwa at sportsmanship.

Sa pagbubukas natin ng 2009 Palarong Pambansa, ang mga mithiing ito ang siya nating magiging gabay sa loob ng isang linggong kumpetisyon.

LADIES AND GENTLEMEN:

This assembly represents the best of what sports can offer to all individuals.

Ngunit habang binibigyang halaga natin ang kabutihang idinudulot ng sports competition, dapat din nating bigyang pansin ang kahalagahan nito sa atin bilang isang lipunan.

Ang ganitong paligsahan ay nagbibigay sa atin di lamang ng pagkakataong ipamalas ang ating galing sa iba't-ibang larangan ng sports kundi isa itong pagkakataon upang ipakita ang ating pakikipagkaisa o solidarity at tamang pakikitungo sa ating kapwa atleta, sa mga games officals at sa lahat ng Pilipino.

Sports brings together the entire community into one cohesive force. We must therefore take notice of the value of sports beyond that of achieving athletic excellence. Sports provides us all with opportunities to bring out the best in each one of us.

Sportsmanship is perhaps the finest virtue that any individual can adopt and embrace. Ang sportsmanship ang kabuoan ng lahat ng kabutihang taglay ng

---

[1] Keynote Address delivered by Department of Education Secretary Jesli A. Lapus at the *2009 Palarong Pambansa*, April 26 to May 2, 2009, at the Leyte Sports Development Center, Tacloban City.

bawat isa sa atin. At kung magagawa nating panaigin ang sportsmanship sa kabila ng masidhi nating pagnanais na manalo, nangangahulugan lamang ito na nakamit na natin ang sukatan ng pagiging isang tunay na atleta. At ito ang tunay na nagbibigay sa atin ng fulfillment bilang manlalaro.

Sa inyong husay sa paglalaro at sa inyong husay sa inyong pakikitungo sa inyong kapwa manlalaro, nakakasiguro akong kayo ang susunod sa yapak ng ating magigiting na mga atletang Pinoy kagaya nina Manny Pacquiao, Paeng Nepomuceno, Efren Bata Reyes, Wesley So at marami pang iba. Kayo ang magiging bagong atletang Pilipino na siyang magbibigay karangalan sa ating bansa sa darating na panahon.

I congratulate all the organizers and the athletes—as well as their coaches and parents—for the success thus far of the country's biggest sporting event. Binabati ko in particular si Governor Petilla at ang kanyang mga kasamahan sa kanilang professional at organisadong paghahanda para sa palarong ito.

If not for their all-out support and whole hearted cooperation, this event would not have been as successful.

Sa kabila ng umiiral na krisis pangekonomiya na nadarama sa buong mundo, pinili ng Department of Education, sa gabay ni Pangulong Arroyo, na ituloy ang 2009 Palarong Pambansa bilang pagpapakita ng suporta ng ating pamahalaan sa kahalagahan ng sports sa paghubog ng mabubuting mamamayan.

Muli po, sa ating mga atleta at mga game officials, we prepared long and hard for this full week of sporting events, let us bring out the best in us. Ilabas na natin ang ating buong kakayahan. Ipakita na natin ang ating galling sa ibat-ibang larangan. Pero huwag nating kalimutan ang pakikipagkaibigan.

Tandaan, ang manlalaro sa kabilang koponan, sa ibang rehiyon, ay katunggali natin sa sports. Hindi siya kalaban.

And by all means, huwag nating kalimutan ang salitang laro sa ating Palarong Pambansa.

Mabuhay ang mga manlalarong Pilipino! Mabuhay ang sambayanang Pilipino.